**Impormasyon para sa Mga Tatanggap at Tagapag-alaga**
**SPIKEVAX** (binibigkas na SPĪK-văx)
(COVID-19 Vaccine, mRNA)
(Formula para sa 2023-2024)

Mangyaring basahin ang dokumento ng impormasyong ito bago kumuha ng SPIKEVAX. Hindi papalitan ng buod na ito ang pakikipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang mga tanong o gusto mo ng higit pang impormasyon, mangyaring makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang SPIKEVAX?

Ang SPIKEVAX ay isang bakuna para protektahan ka laban sa COVID-19. Ang SPIKEVAX ay para sa mga taong 12 taong gulang pataas. Maaaring hindi maprotektahan ng pagpapabakuna sa SPIKEVAX ang lahat ng taong nakatanggap ng bakuna.

Hindi naglalaman ang SPIKEVAX ng SARS-CoV-2, ang virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang SPIKEVAX ay hindi magbibigay sa iyo ng COVID-19.

## Sino ang hindi dapat makakuha ng SPIKEVAX?

Hindi ka dapat makakuha ng SPIKEVAX kung mayroon kang:

- matinding allergic reaction matapos ang nakaraang dosis ng SPIKEVAX, Moderna COVID-19 Vaccine (Original monovalent), o Moderna COVID-19 Vaccine, Bivalent[1]
- matinding allergic reaction sa anumang sangkap sa mga bakunang ito (tingnan ang **Ano ang mga sangkap na nasa SPIKEVAX?**).

## Ano ang kailangan kong sabihin sa aking provider ng pangangalagang pangkalusugan?

Sabihin sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ang lahat ng iyong medikal na kondisyon, kabilang ang kung ikaw ay:

- may anumang allergy
- may matinding allergic reaction matapos ang nakaraang dosis ng anumang bakuna sa COVID-19
- may myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) o pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- may lagnat
- may sakit sa pagdurugo o umiinom ng pampanipis ng dugo
- immunocompromised o gumagamit ng gamot na nakakaapekto sa iyong immune system
- buntis o may planong magbuntis
- nagpapasuso
- nakatanggap ng anumang iba pang bakuna sa COVID-19
- nahimatay dahil sa iniksyon

[1] Ang SPIKEVAX ay ginawa sa parehong paraan tulad ng Moderna COVID-19 Vaccine (Original monovalent) at Moderna COVID-19 Vaccine, Bivalent, ngunit na-encode dito ang spike protein ng SARS-CoV-2 Omicron variant lineage XBB.1.5 (Omicron XBB.1.5).

**Paano ibinibigay ang SPIKEVAX?**
Ibinibigay ang SPIKEVAX sa pamamagitan ng iniksyon sa kalamnan.

**Ano ang mga panganib ng SPIKEVAX?**
Nagkaroon ng matitinding allergic reaction ang ibang taong tumanggap ng SPIKEVAX, Moderna COVID-19 Vaccine (Original monovalent), at Moderna COVID-19 Vaccine, Bivalent. May maliit na pagkakataon na maaaring magdulot ang SPIKEVAX ng matinding allergic reaction. Karaniwang nangyayari ang matinding allergic reaction sa loob ng ilang minuto hanggang sa 1 oras matapos matanggap ang isang dosis ng SPIKEVAX. Para sa kadahilanang ito, maaaring hilingin sa iyo ng iyong provider ng bakuna na manatili sa lugar kung saan mo natanggap ang iyong bakuna. Maaaring kabilang sa mga palatandaan ng matinding allergic reaction ang:

- Problema sa paghinga
- Pamamaga ng iyong mukha at lalamunan
- Mabilis na pagtibok ng puso
- Mga pamamantal sa buong katawan
- Pagkahilo at panghihina

Ang myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) at pericarditis (pamamaga sa lining sa labas ng puso) ay nangyayari sa ibang taong nakatanggap ng mga bakuna na mRNA COVID-19, kabilang ang SPIKEVAX, Moderna COVID-19 Vaccine (Original monovalent), at Moderna COVID-19 Vaccine, Bivalent. Pinakakaraniwang nangyayari sa mga lalaking 18 hanggang 24 na taong gulang ang myocarditis at pericarditis na kasunod ng Moderna COVID-19 na bakuna. Sa karamihan ng mga indibidwal na ito, nagsisimula ang mga sintomas sa loob ng ilang araw matapos ang pagbabakuna. Napakababa ng posibilidad na mangyari ito. Kailangan mong maghanap ng agarang medikal na atensyon kung ikaw o ang iyong anak ay nagkaroon ng anuman sa mga sumusunod na sintomas matapos ang pagtanggap ng bakuna, lalo na sa loob ng 2 linggo pagkatapos matanggap ang isang dosis ng bakuna:

- Pananakit ng dibdib
- Pangangapos ng hininga
- Mga pakiramdam ng pagkakaroon ng mabilis na pagtibok, pag-flutter, o pagkabog ng puso

Kabilang sa mga side effect na naiulat sa mga klinikal na pagsusubok ng SPIKEVAX, Moderna COVID-19 Vaccine (Original monovalent), at Moderna COVID-19 Vaccine, Bivalent ang:

- Mga reaksyon sa bahaging iniksyunan: pananakit, panlalambot at pamamaga ng mga lymph node sa parehong brasong iniksyunan, pamamaga (paninigas), at pamumula
- Mga pangkalahatang epekto: pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasukasuan, panginginig, pagduduwal at pagsusuka, lagnat, at pamamantal.

Iba pang naiulat na mga side effect kabilang ang:

- Matinding allergic reaction
- Urticaria (makating pamamantal/mga bulutong)
- Myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso)
- Pericarditis (pamamaga ng lining sa labas ng puso)
- Pagkawala ng malay na may kaugnayan sa pag-iniksyon ng bakuna.

Maaaring hindi ito ang lahat ng posibleng side effect ng SPIKEVAX. Tanungin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa anumang side effect na nagpapaalala sa iyo. Maaari mong iulat ang mga side effect sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS) sa 1-800-822-7967 o sa https://vaers.hhs.gov.

**Paano kung buntis o nagpapasuso ako?**

Kung ikaw ay buntis o nagpapasuso, talakayin ang iyong mga opsyon sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Available ang registry sa pagkakalantad sa pagbubuntis. Hinihikayat kang makipag-ugnayan sa registry sa lalong madaling panahon sa sandaling malaman mo ang iyong pagbubuntis sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-MODERNA (1-866-663-3762) o hilingin sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na makipag-ugnayan sa pagpaparehistro para sa iyo.

**Ano ang mga sangkap ng SPIKEVAX?**

Naglalaman ang SPIKEVAX ng mga sumusunod na sangkap:

- messenger ribonucleic acid (mRNA)
- mga lipid (SM-102, polyethylene glycol [PEG] 2000 dimyristoyl glycerol [DMG], cholesterol, at 1,2-distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine [DSPC])
- tromethamine
- tromethamine hydrochloride
- acetic acid
- sodium acetate trihydrate
- sucrose

Hindi naglalaman ng mga preservative ang SPIKEVAX.

Kung gusto mo ng higit pang impormasyon, kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o bisitahin angwww.spikevax.com o tumawag sa 1-866-MODERNA (1-866-663-3762).

Ginawa para sa:
Moderna US, Inc.
Princeton, NJ 08540

©2023 ModernaTX, Inc. Nakalaan ang lahat ng karapatan.
Ang SPIKEVAX ay isang trademark ng (mga)
Patent ng ModernaTX, Inc.: www.modernatx.com/patents
Binago noong: Setyembre 2023